Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T PITONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-17 NG OKTUBRE, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
3. Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
4. Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
5. Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
6. Kgg. MARCELITO S. LASERNA	- Kagawad
7. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
8. Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
9. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ	- Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11. Kgg. ARIES A. ALCABASA	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1101-2001

(Sa mungkahi ni Kgg. Algabre na pinangalawahan ni Kgg. Gomez)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTITIBAY NG PAGKAKAROON NG MAS MODERNONG TEKNOLOHIYA NA SIYANG LULUTAS SA PAGSASAAYOS NG LUMALALANG PROBLEMA SA BASURA SA BAYAN NG SANTA ROSA.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyang kalagayang problema ng bawa't bayan ang basura at maging sa buong kapuluan ng ating bansa ang pagsasaayos ng basura;

SAPAGKA'T, ang *sanitary landfill* na kasalukuyang ginagamit ng bawat bayan ay hindi rin ligtas at ito'y nagdudulot ng malaking problema sa kalusugan ng pamayanan;

SAPAGKA'T, asng basurang nakaimbak kapag ito'y hindi nahahakot sa *sanitary landfill* sa panahon ng tag-ulan, ito'y nagdudulot ng masamang epekto sa kapaligiran at pinsala sa kalusugan ng pamayanan;

SAPAGKA'T, kung ang Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa ay magkakaroon ng mas modernong teknolohiya sa pagsasaayos ng basura, tulad ng *convert* ng basura sa pataba o *fertilizer* o *pag-recycle* ng mga basurang di nabubulok, ito ay magbibigay ng malaking *income* para sa antas ng kabuhayan sa bayan ng Santa Rosa;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SAPAGKA'T, kung ang modernong teknolohiya ang siyang ipatutupad, ay mas malaking bahagdan ang matitipid sa gastusin ng pamahalaang bayan;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay ng pagkakaroon ng mas modernong teknolohiya na siyang lulutas sa pagsasaayos ng lumalalang problema sa basura sa bayan ng Santa Rosa.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

LEON C. ARCILLAS
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-37 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-17 ng Oktubre, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim